



Te Tari Matawaka
Office of Ethnic Communities

Pinalugitan pa ang Pang-emerhensyang Benepisyo para sa mga may hawak na pansamantalang visa sa panahon ng COVID-19

- Pinalugitan pa ng karagdagang anim na buwan ang Pang-emerhensyang Benepisyo para sa mga may hawak na pansamantalang visa.
- Ang panandaliang suportang ito ay nakatakdang ihinto noong ika-28 ng Pebrero ngunit pinalugitan pa nang hanggang sa ika-31 ng Agosto ng taon na ito.
- Dahil nililimitahan pa rin ng COVID-19 ang paglalakbay sa ilang mga bansa, ang pagpapalugit sa Pang-emerhensyang Benepisyo ay nangangahulugan na ang Ministri ng Kaunlarang Panlipunan (Ministry of Social Development) ay makakapagpatuloy tumulong sa mga tao na may pansamantalang visa na nangangailangan ng suporta, naghihirap at hindi makauwi dahil sa COVID-19.
- Ang Pang-Emerhensyang Benepisyo ay maaaring makatulong sa mga batayang gastusin sa pamumuhay para sa mga tao na hindi makasuporta ng kanilang sarili at hindi makauwi dahil sa COVID-19.
- **Sa ilalim ng COVID-19 Alert Level 1:** Kailangang pumunta ang mga tao ang sa isang sentro ng serbisyo ng Work and Income (Trabaho at Kita) upang mapalugitan ang kanilang mga Pang-emerhensyang Benepisyo na lalampas pa sa ika-28 ng Pebrero, o upang mag-aplay sa unang pagkakataon. Para mahanap ang pinakamalapit na sentro ng serbisyo, i-click lamang ang sumusunod na link: <https://www.workandincome.govt.nz/about-work-and-income/contact-us/find-a-service-centre>.
- **Sa ilalim ng COVID-19 Alert Level 2, 3, o 4:** Maaaring tumawag ang mga tao sa 0800 559 009 para mag-book ng call-back upang matasang muli ang kanilang kasalukuyang mga kabayaran sa Pang-emerhensyang Benepisyo at mapalugitan ito nang lalampas pa sa ika-28 ng Pebrero, o upang mag-aplay sa unang pagkakataon.
- Ang mga tao na marapat para sa Pang-Emerhensyang Benepisyo ay maaari ring makakuha ng Family Tax Credit at Best Start Tax Credit at, mula sa ika-1 ng Mayo 2021, ng Winter Energy Payment.
- Ang mga may hawak na pansamantalang visa na tumatanggap ng Pang-emerhensyang Benepisyo ay inaasahang hahanap ng trabaho o iba pang mga paraan upang suportahan ang kanilang sarili, kabilang ang pag-uwi kapag magagawa na ito.
- Ang Ministri ng Kaunlarang Panlipunan (Ministry of Social Development - MSD) ay patuloy na mag-uugnay ng mga tao sa mga oportunidad para sa angkop na pansamantalang trabaho, hangga't maaari.
- Tulong sa pag-aplay:
 - Maaari kang humingi ng tulong sa isang tao, maging sa mga kawani sa sentro ng serbisyo ng Work and Income, upang tulungan kang magkumpleto ng form sa aplikasyon. Tiyaking sinagutan ng taong ito ang Helper's Statement (Pahayag ng Tumulong) sa form ng aplikasyon.
 - Maaari mo ring piliin na magkaroon ng isang tao na kikilos para sa iyo kapag nakikipag-ugnayan sa Ministri ng Kaunlarang Panlipunan. Ang tao na ito ay tinatawag na ahente. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa isang tao na kikilos para sa iyo ay makukuha rito: <https://www.workandincome.govt.nz/on-a-benefit/your-rights-and-responsibilities/having-someone-act-on-your-behalf.html>
 - Ikaw ay maaaring humiling na makipag-usap sa isang tao sa sarili mong wika. Maaaring magsaayos ng mga interpreter para sa mga appointment na gagawin sa

telepono, o harap-harapan kapag pahihintulutan ng mga alert level. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga interpreter ay makukuha dito: <https://www.workandincome.govt.nz/about-work-and-income/contact-us/language-lines/index.html>

- May makukuha pang karagdagang impormasyon tungkol sa Pang-emerhensyang Benepisyo para sa mga may hawak na pansamantalang visa sa panahon ng COVID-19 sa Work and Income website: <https://www.workandincome.govt.nz/covid-19/temporary-visa-holders.html>.

Ang mensaheng ito ay isinaling-wika ng Translation Services, Department of Internal Affairs at ipinamahagi ng Multilingual Information Network. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa network, bisitahin ang [Office of Ethnic Communities website](#).